



Republic of the Philippines Department of Education

Tanggapan ng Kalihim
Office of the Secretary

M E N S A H E

Mainit na pagbati sa lahat ng ating mga magsisipagtapos, at sa lahat ng tagapamahala at kawani ng paaralan, mga guro, at mga magulang na tumulong at patuloy na gumagabay sa ating kabataan para makarating sila sa mahalagang puntong ito ng kanilang buhay.

Ang araw na ito ay isang patunay ng katatagan at kakayahan ng bawat Pilipino na muling bumangon matapos ang matitinding unos. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng liwanag sa bawat isa sa oras ng kadiliman, napatunayan natin na anumang hamon ang dumating ay ating kakayanin.


Sa gitna ng maraming pagsubok na ating hinaharap, hindi maiiwasan ng iba na isiping sumuko na lamang. Subalit sadyang matibay ang pusong Pilipino—hindi nagpapatnag sa kahit anong pagsubok—dahil sa oras ng karimlan ay nakakakita pa rin tayo ng sinag ng pag-asa mula sa pagtitiwala at kasiyahan na ibinabahagi natin sa isa't isa. Sa mga ganitong panahon, maaaring tayo ay nagalusan ngunit hindi kailanman nagpatalo.

Mga magsisipagtapos, ako ay umaasa na ang temang “Hindi Natitinag ang Pusong Pilipino” ay tumatak sa inyong kaisipan at magbigay ng inspirasyon para makamit n’yo ang inyong naisin sa kabila ng mga hamon na darating—hindi lamang para sa sarili kundi para sa kapwa, at higit sa lahat para sa bayan.

Para sa ating mga nasa paaralan, ito nawa’y magsilbing isang paalala ng lakas at tibay ng loob na siyang dapat nananalaytay sa ating institusyon. Umaasa akong patuloy nating maibigay ang nararapat sa ating kabataan.

Muli, binabati ko ang mga magsisipagtapos. Hangad ko ang inyong tagumpay.

Mabuhay ang lahing Pilipino! Mabuhay kayong lahat!


BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Secretary



Republic of the Philippines Department of Education

Tanggapan ng Kalihim
Office of the Secretary

M E S S A G E

Congratulations to our proud graduates! My warmest greetings to our school administrators, teachers, staff, and parents who have helped and guided our graduates attain this significant milestone in their lives.

Today is a testimony to the enduring and resilient Filipino spirit, to our ability to stand up again and conquer the odds, to our innate optimism to see the light at the end of the tunnel. We have proven that we can surmount any adversity by sharing our light with each other in times of darkness.

Through the many challenging moments we've endured, many of us were tempted to give up; but a Filipino heart refuses to be broken by calamities. We see the ray of hope in the faith and joy we share with each other even in the most trying of circumstances. We may be battered but definitely never defeated.


May this year's theme "*Hindi Natitinag ang Pusong Pilipino*" be a constant reminder and a source of strength that will propel each graduate to achieve more for others and the country in spite of the obstacles that will stand in the way.

For us in the schools, may this theme remind us of the energy that should continue to animate our institutions which in turn would help us give to each of our learners the best that they deserve.

Again, congratulations to our graduates! I wish you all the best in your future endeavors.

Mabuhay ang lahing Pilipino! Mabuhay kayong lahat!




BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Secretary